**KATOLICONG DIYOSESIS NG SAITAMA**

6-4-12 Tokiwa, Urawa-ku,
Saitama City, SAITAMA
330-0061 JAPAN
TEL : 048-831-3150
FAX : 048-824-3532

**カトリックさいたま教区**

〒330-0061
埼玉県さいたま市浦和区
常盤 6-4-12
TEL : 048-831-3150
FAX : 048-824-3532

Mensahe ng Obispo para sa Bagong Taon 2013

# WALANG MAGLALAGAY NG BAGONG ALAK SA LUMANG SISIDLAN (Mk. 2:22)

Para sa aking mga kapatid sa Diyosesis ng Saitama,

Maligayang Pasko at Manigong Bagong Taon sa inyong lahat!

Mula Oktubre sa nakalipas na taon, sinimulan natin ang pagdiriwang ng Taon ng Pananampalataya. Sa pamamagitan ng binyag, ang bawat isa sa atin ay dumaan sa “pintuan ng pananampalataya”. Sa simula ng Bagong Taon, nais kong magnilay kasama ninyo tungkol dito sa “pintuan ng pananampalataya” sa pamamagitan ng pag-ugnay sa mga Gawa ng mga Apostoles, ng Ikalawang Konsilyo Batikano at ang kamakailang paglago ng paglalakbay ng pananampalataya ng Diyosesis ng Saitama.

## Ang Mga Gawa ng mga Apostoles

Si Pablo at Barnabas ay naglakbay para sa misyon kung saan ay kailangan nilang suungin ang iba’t-ibang kahirapan at pagdurusa, habang inaakay ang maraming Hentil sa tungo sa pananampalataya. Lubos ang kanilang kagalakang bumalik sa Antiyokya at, “Pagdating doon, tinipon nila ang Iglesya at ipinahayag ang lahat ng ginawa ng Diyos sa pamamagitan nila, at kung paano niya binuksan ang pinto ng pananampalataya sa mga hindi Hudyo. “ (Gawa 14:27)

Sa panahong iyon, ang pagtutuli ay naging mahirap na isyu para sa gawaing misyon para sa mga Hentil. Ang pagtutuli ay isang relihiyosong gawain na sumusunod sa kaugalian ni Moises at naging tradisyonal na tanda ng pananampalataya para sa mga tao sa Israel. Ang mga tao sa Israel ay naniniwala na hindi maliligtas ang mga hindi tinuli. Subalit, para sa mga Hentil na nagnanais dumaan sa pamamagitan ng “pintuan ng pananampalataya”, ang pagtuli ay naging malaking sagabal.

Kaya, ang mga Apostoles at mga nakakatanda ay nagtipon sa Jerusalem at nagdaos ng Konsilyo ng mga Apostoles (ang konsilyo ng Jerusalem ay ang pinakaunang konsilyo ng Simbahan!). Sa konsilyong ito, napagpasyahan nila na hindi ipabigat ang pagtuli sa mga Hentil. Dahil sa desisyong ito, naging posible para sa bawat-isa na naniniwala sa Ebanghelyo ang magpabinyag at maging kasapi ng komunidad ng Simbahan. Ang paglalakbay nina Pablo at Barnabas, kung saan ay nakatagpo nila ang maraming tao, ay naging okasyon para sa pagbubukas ng “pintuan ng pananampalataya” para sa lahat ng tao sa mundo.

## Ang Ikalawang Konsilyo Batikano

Ang mga Konsilyo na espesyal na malawakang binuksan ang “pintuan ng pananampalataya” ay ang mga binanggit sa itaas na Konsilyo ng Jerusalem at 1,900 taon ang nakalipas, ang Ikalawang Konsilyo Batikano.

Ang Ikalawang Konsilyo Batikano ay nagnais na pagpanibaguhin ang Simbahan, pagkakasundo sa mga nawalay na mga kapatid kay Kristo, pakikiisa sa mga tao, lalo na sa mga nagdurusa, at tungo sa isang Simbahan na nagmiministro sa mga tao. Sa pamamagitan ng Ikalawang Konsilyo Batikano ang "pintuan ng pananampalataya" ay mas malawak na binuksan. Sa pamamagitan ng Konsilyo ng Jerusalem, ang "pintuan ng pananampalataya" ay pinalawak sa pamamagitan ng pagtanggal ng pagtuli na naging sagabal; subalit ang bukod-tanging katangian ng Ikalawang Konsilyo Batikano ay ang "pintuan ng pananampalataya" na napalawak sa pamamagitan ng pagpapanibago ng Simbahan mismo. Sa pamamagitan ng pagpapanibago ng Simbahan, ang Diyos ay nag-anyaya sa Simbahan na mas paigtingin ang pagsali sa gawain ng Diyos para sa pagliligtas.

Itinuro ni Hesus: "At hindi ka rin naman maglalagay ng bagong alak sa mga lumang sisidlan. Kung gagawin mo ito, papuputukin ng alak ang mga sisidlan at masisira ang alak pati na ang mga sisidlan." (Mk. 2:22). Sa tingin ko, ang mga salitang ito ay nagpahayag ng espisyal na katangian ng Ikalawang Konsilyo Batikano.

Tunay na ang Simbahan ay ang Sambayanan ng Diyos. Ang bawat-isa sa atin at sa ating lahat na nagkasama-sama bilang komunidad, ay pinapagbago ng Salita ng Diyos, at nagbahaginan ng Salita ng Diyos sa ating pakikipagtagpo sa ibang tao. Sa pamamagitan nito, ang "pintuan ng pananampalataya" ay binuksan sa maraming tao.

**Ang Paglalakbay ng Pananampalataya ng Diyosesis ng Saitama**

Kayo ay buong galak na nagtrabaho sa pagsali sa gawaing pagtulong para sa mga biktima ng Malaking Lindol sa Silangang Japan at ang aksidente sa Plantang Nukleyar sa Fukushima. Sa pamamagitan ng mga gawain para sa pagtatayo muli, marami sa mga biktima at mga boluntaryo ang nakapagsalamuha; at nakuha natin ang kauna-unahang karanasan ng kahalagahan ng kagalakang pakikipagkapwa at sama-samang pakikipamuhay. Sa pamamagitan ng mga pagtatagpong ito, nakita din natin ang ating pananampalataya sa makabagong liwanag kaya napabago natin ang ating sarili. Bukod doon, sa marami at iba't-ibang pangyayari, nakatagpo natin ang maraming tao, lalo na ang mga isinantabi. Ang mga pagtatagpong ito ay nakapaghikayat sa atin upang mapanibago ang ating mga sarili at pagnilayan ang ating sariling pananampalataya. Sa pamamagitan nito, ang ating pananampalataya na napanibago sa pamamagitan ng ating mga pakikipagsalamuha sa mga pangyayari sa lipunan. Maraming mga pagkakataon na makatagpo ang maraming tao na namuhay sa ating paligid. Sa kabilang dako, may ibang mga isyu gaya ng Base Militar ng Amerika sa Okinawa, na parang malayo sa ating buhay. May mga taong nagdurusa dahil sa ating pagsasawalang-bahala. Maaring, ang pakikipagtagpo sa mga taong ito ang makakapagbukas sa "pintuan ng pananampalataya" na mas malawak pa.

Ninanais ko na maari tayong maging kagaya nina Pablo at Barnabas at humayo tungo sa paglalakbay na may dakilang kagalakan sa misyon, tayo rin ay maaring "mag-ulat sa lahat ng nagawa ng Diyos sa atin at kung paano niya binuksan ang pintuan ng pananampalataya sa mga Hentil. Igagawad ko ang aking pagbabasbas para sa biyaya ng maraming tao-sa-tao na pagtatagpo sa buong taon na darating.

†Pagpalain nawa kayo ng Makapangyarihang Diyos, Ama, Anak, at Espiritu Santo.

Enero 1, 2013
Solemnidad ni Maria, Ina ng Diyos

Katolikong Diyosesis ng Saitama
Obispo Marcellino TANI Daiji